

READY YOUR LA NEIGHBORHOOD

Welcome sa Emergency Management Department (EMD) ng Lungsod ng Los Angeles na Programang Ready Your LA Neighborhood (RYLAN). Ang RYLAN ay idinisenyo upang tulungan kayo, ang inyong pamilya, at ang inyong kapitbahayan na makapaghanda para sa sakuna. Marami kayong maaaring gawin upang maging mas handa. **Para sa higit pang impormasyon, bisitahin kami sa emergency.lacity.org**

MAGHANDA

Ang paghahanda ninyo, ng inyong mga mahal sa buhay, at inyong tahanan ay makakabawas sa mga seryosong epekto ng sakuna. Maraming libreng aktibidad na aabutin lang ng ilang minuto. Kontakin ang EMD upang matutunan kung paanong ang mga simpleng aksyon ay makapagligtas ng buhay at makakabawas ng pinsala.

MAG-PULONG

Magsagawa ng pulong para sa inyong Map Your Neighborhood (MYN). Gagawa kayo at ang inyong mga kapitbahay ng Plano para sa Pagresponde. Pag-aaralan ninyo kung ano ang gagawin sa unang oras ng pagresponde sa sakuna. Kontakin ang EMD para sa mga materyales ng programa at isang facilitator ng pagpulong.

MAGSANAY

Ang mga sakuna ay maaaring lampas sa kakayahan ng 9-1-1. Ang kapitbahayan ay siyang nagiging pinakamainam na mapagkukunan ng tulong. Ang tiwala ninyo sa sarili bilang tagaresponde ay lalong lalaki habang nagsasanay kayo gamit ang inyong Plano para sa Pagresponde. Kontakin ang EMD para sa iskedyul ng inyong mga pagsasanay

MAKIPAG-UGNAYAN

Mag-sign up para sa programa ng Lungsod na magbibigay ng balita sa panahon ng emergency, ang **Notify LA**. Kapag may mga sakuna, bibigyan kayo ng Lungsod ng alerto gamit ang mga partikular na Tagubilin tungkol sa kung ano ang dapat gagawin. **Mag-text ng READY sa 888-777** upang mag-sign up.

MAKIPAG-USAP

Mainam na makipag-usap kayo at ang inyong mga kapitbahay sa isa't isa, sa iba pang kapitbahayan, at sa mga tagaresponde ng Lungsod kapag may sakuna. Kontakin ang EMD upang malaman kung paano.

MAGSANAY

Mag-enroll sa mga klase ng pagsasanay para sa paghahanda, tulad ng Level 1 CERT, First Aid, CPR, Amateur Radio, Active Shooter, Stop the Bleed, atbp. upang masanay ang kakayahan ninyong maging handa. Kontakin ang EMD para malaman ang tungkol sa mga oportunidad para sa pagsasanay na mayroon sa inyong lugar.